

Child Rearing Support & Services sa Koshigaya

Children & Families Department, Child Policy Section | Abril 1, 2026

越谷市の主な子育て支援事業のご案内【こども家庭部 こども政策課 令和8年4月1日現在】



https://www.city.koshigaya.saitama.jp/kosod

https://www.city.koshigaya.saitama.jp/kosoda

| Serbisyo / Detalye, Atbp. | Target | Magkano | Section in Charge | Proseso, Pamaraan, At iba pa |
|--|---|--|--|--|
| I Kapanganakan at Pag-aalaga ng Bata | | | | |
| <p>■TALAN NG KALUSUGAN NG MAG-INA (Boshi Techo) Bibigay ng "Talaan ng Kalusugan ng Mag-ina" o <i>Boshi Techo</i> ang lahat na buntis. Kasama dito ay ibibigay rin ang <i>prenatal checkup coupons</i>, <i>newborn hearing screening coupons</i> na magagamit tuwing magpa check sa pandinig ng sanggol at <i>checkup coupons</i> na mamagamit pagkatapos manganak.</p> | Lahat ng mga nagbubuntis | Libre | Children and Families Support Center (Kodomo Katei Senta) City Hall, Bldg. 2 - 2F ☎048-963-9179 | Pagkatapos makumpirma sa doktor ang pagbubuntis, magpunta agad sa opisina ng Children and Families Support Center (Koshigaya City Hall) upang i-proseso ang notipikasyon ng pagbubuntis. Ang porma ng notipikasyon ay makukuha sa nabanggit na opisina, o pwedeng ma-download sa website ng Koshigaya. |
| <p>■MATERNITY CASH BENEFITS & CHILD REARING SUPPORT PROGRAMS (Nimpu Hokatsu Sodan Shien Jigyo, Nimpu Shien Kyufukin Kyufu Jigyo) Programa na magbibigay ng patuloy na suporta mula sa panahon ng pagbubuntis hanggang sa panganganakan at pagpapalaki ng bata. Kasali dito ang pagbigay ng serbisyo tulad ng pagtanggap ng konsultasyon, pagbibigay ng <i>maternity cash benefits</i> at iba pa.</p> | Mga buntis Mga bagong panganak | Libre | Children and Families Support Center (Kodomo Katei Senta) City Hall, Bldg. 2 - 2F ☎048-963-9179 | <p>✓Comprehensive Child Rearing Support Pagtanggap ng konsultasyon at patuloy na <i>follow-up support</i> mula sa pag-report ng pagbubuntis, kapag nag 8 buwan na sa pagbubuntis at pagkatapos manganak.</p> <p>✓Maternity Cash Benefits 1) ¥50,000 pagkatapos ng pagreport ng pagbubuntis at pagkatapos maaprubahan ang aplikasyon 2) ¥50,000 (bawat bata) pagkatapos mabisita ng <i>midwife</i> o <i>health nurse</i> ang sanggol, at pagkatapos maaprubahan ang aplikasyon *Pwede ring mag-apply upang makatanggap ng <i>benefits</i> ang mga nakunan, at iba pa. *Ang pagproseso ng aplikasyon para dito ay <i>online</i> o <i>electronic application</i>.</p> |
| <p>■BABYBOOK PROGRAM (Babybook Jigyo) Programa na magbibigay ng <i>personalized book</i> na naglalaman ng <i>profile</i> ng bata, mga mensahe ng magulang at <i>story</i> na ang isa sa mga karakter atbp. ay ang bata.</p> | Magulang ng batang bagong panganak at naka rehistrong residente ng Koshigaya | Libre | Children and Families Support Center (Kodomo Katei Senta) City Hall, Bldg. 2 - 2F ☎048-963-9179 | Papadalhan ang target households ng impormasyon (na may QR code) kaugnay sa aplikasyon. Basahin ang QR code, sundin ang instruksyon at kumpletuhin ang mga hinihingi na impormasyon. Ang <i>personalized book</i> ay ipapadala sa inyo (2 linggo o higit pa) pagkatapos magawa ang aplikasyon. |
| <p>■MOTHERS' CLASS (Hahaoya Gakkyu) PARENTS' CLASS (Ryoshin Gakkyu) Seminar tungkol sa pagbubuntis, kapanganakan, tamang pag-aalaga ng bata at iba pang kaalaman tungkol sa pagpapalaki ng bata. Gaganapin ito ng 3 araw at kailangan ang mag-asawa (ama at ina ng bata) ang sasali sa pangatlong araw. Detalye ng seminar Day 1: Seminar o pagbibigay ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa pagbubuntis at kaugnay sa kalusugan ng ngipin habang buntis atbp. Day 2: Nutrisyon at buhay habang buntis at pagkatapos manganak Day 3: Pagpapaligo at pag-aalaga ng sanggol, pagrananang pagbubuntis para sa mga ama ng bata sa pamamagitan ng pagsuot ng <i>empathy belly</i>, atbp.</p> | 16 - 28 na linggo na buntis, at ama ng bata. *Prayoridad ang mga nagbubuntis sa unang pagkakataon. | Libre | Children and Families Support Center - Municipal Health Center (Kodomo Katei Senta, Hoken Senta) ☎048-961-8040 | Ang iskedyul ay nakalakip sa mga pamphlet na ibinibigay sa oras ng pagtanggap ng <i>boshi techo</i> . Kumpirmahin ang detalye nito sa <i>website</i> ng Koshigaya o di kaya sa <i>Koshigaya health care guide</i> at magpa reserba <i>online</i> (electronic application) sa Children and Families Support Center - Health Center. Ang pagpa-reserba ay ' <i>first-come-first-served basis</i> '. |
| <p>■PRENATAL CARE SUBSIDY (Nimpu Kenko Shinsahiyo Josei) 14 ka <i>prenatal checkup coupons</i> na matatanggap kasama ng <i>boshi techo</i>. Gamitin ito at magpa-checkup sa tamang panahon para sa ligtas na pagbubuntis at kapanganakan.</p> | Lahat ng mga nagbubuntis. | May babayaran kung ang halaga ng checkup ay lumampas sa upper limit ng coupons | Children and Families Support Center (Kodomo Katei Senta) City Hall, Bldg. 2 - 2F ☎048-963-9179 | Ibibigay ang <i>prenatal checkup coupons</i> kasama sa <i>boshi techo</i> . Magagamit ito tuwing magpa <i>prenatal checkup</i> sa mga nakatakdang ospital o klinika. Kung magpa-checkup sa hindi nakatakdang ospital o klinika, pwedeng ma-proseso ang <i>refund</i> pagkatapos manganak. Dalhin ang kailangang dokumento at mga resibo sa opisina ng [Children and Families Support Center] ng city hall. Para sa detalye, tingnan sa <i>website</i> ng Koshigaya. |
| <p>■MEDICAL CHECKUP SUBSIDY AFTER GIVING BIRTH (Sampu Kenko Shinsahiyo Josei) <i>Checkup coupon</i> para sa mga bagong panganak. Magagamit ito sa pagpa-checkup (simula 2 linggo hanggang 1 buwan) pagkatapos manganak upang malaman ang pisikal, emosyonal at mental na kalagayan ng bagong panganak. Ang <i>checkup coupon</i> ay kasama sa pagbigay ng talaan ng kalusugan ng mag-ina o <i>boshi-techo</i>.</p> | Lahat ng mga bagong panganak | May babayaran kung ang halaga ng checkup ay lumampas sa upper limit ng coupons | Children and Families Support Center (Kodomo Katei Senta) City Hall, Bldg. 2 - 2F ☎048-963-9179 | Gamitin ang <i>coupon</i> tuwing magpa-checkup sa nakatakdang ospital o klinika. Kung hindi magagamit ang <i>coupon</i> sa napuntahang klinika, dalhin ang resibo, atbp. sa opisina ng [Children and Families Support Center] ng city hall at gawin ang proseso upang makatanggap ng <i>refund</i> . Para sa detalye, tingnan sa <i>website</i> ng Koshigaya. |
| <p>■MEDICAL CHECKUP SUBSIDY FOR MULTIPLE PREGNANCY (Tatai Nimpu Kenko Shinsahiyo Josei) Ang mga buntis ng kambal, <i>triplets</i>, atbp. ay bibigyan ng hanggang limang (5) adisyunal <i>checkup coupons</i> maliban sa <i>regular prenatal coupons</i> upang mabawasan ang pinansyal na pasanin para sa mga <i>checkup</i>. *Ngunit tandaan na hindi kasali dito ang <i>expenses (copayments)</i> na hindi <i>covered</i> ng <i>insurance</i>.</p> | Lahat ng mga humingi ng adisyunal na talaan ng kalusugan ng mag-ina o <i>boshi-techo</i> | ¥5000 (max) na subsidy bawat checkup, at hanggang 5 beses na pagpa checkup | Children and Families Support Center (Kodomo Katei Senta) City Hall, Bldg. 2 - 2F ☎048-963-9179 | Kumpletuhin ang porma ng aplikasyon, kailangang dokumento, at isumite ang mga ito sa opisina kasama ang mga resibo. Ang porma ng aplikasyon ay makukuha sa opisina o di kaya ma-download sa <i>website</i> ng Koshigaya. Tingnan sa <i>website</i> o di kaya tumawag sa opisina para sa detalye atbp. |
| <p>■BAKUNA AT IMUNISASYON (Yobo Sesshu) Bakuna at imunisasyon ng bata tulad ng Rotavirus, BCG, DPT-IPV-Hib, pediatric pneumococcus, MR (measles-rubella), chicken pox, Japanese encephalitis, Hepatitis B, HPV (human papillomavirus) at DT (diphtheria and tetanus). Mga dadalhin tuwing magpa bakuna: ① Vaccination coupons/questionnaire (Yoshinhyo) ② Talaan ng Kalusugan ng Mag-ina (Boshi Techo)</p> | Mga bata na nasa takdang edad para tumanggap ng bakuna at imunisasyon. | Libre | Health Promotion Section, Municipal Health Center (Kenko Zukuri Suishin Ka, Hoken Senta) ☎048-960-1100 | Ipadalala ang vaccination coupons/questionnaire (maliban sa 2nd phase ng measles-rubella, japanese encephalitis, 2nd phase ng diphtheria-tetanus at human papillomavirus o HPV) kapag nag-dalawang buwan na ang sanggol. Tingnan sa health care guide o <i>website</i> ng Koshigaya ang detalye at iba pa. Para sa mga bagong lipat sa Koshigaya at sa mga gustong magpa-bakuna ng kanilang mga anak outside Koshigaya, makipag-ugnayan sa Health Promotion Section (Municipal Health Center). |
| <p>■MATERNITY HOSPITALIZATION SYSTEM (Nyuin Josan Seido) Pagtanggap ng <i>maternity care</i> sa aprubadong <i>midwifery home</i> para sa nahihirapang tumanggap nito dahil sa pinansyal na rason at iba pa.</p> | Lahat ng mga nagbubuntis at bagong panganak | May bayad, depende sa kinikita | Children and Families Support Center (Kodomo Katei Senta) City Hall, Bldg. 2 - 2F ☎048-963-9319 | Makipag-ugnayan ng maaga o kumonsulta <i>in advance</i> sa opisina. |
| <p>■REPORT OF BIRTH (Shussho Todoke) Kailangang ipa-rehistro ang bata pagkatapos manganak. Mga kinakailangan: ① Birth Registration Form ② Birth Certificate mula sa doktor o midwife ③ Boshi Techo o Talaan ng Kalusugan ng Mag-ina</p> | Ama o Ina ng bata | - | Citizen's Affairs Section (Shimin Ka) ☎048-963-9192 | Kailangan ipa-rehistro ang bata sa loob ng <i>14 days</i> pagkatapos manganak. Kailangan iproseso ito ng magulang sa lugar kung saan nakatira o di kaya kung saan ipinanganak ang bata. |
| <p>■HOME VISITATION FOR EXPECTANT & NURSING MOTHERS (Ninsampu Shinseiji Homon) Pagbisita ng <i>midwife</i> o nars sa mga buntis at mga bagong panganak upang magbigay payo tungkol sa pag-aalaga ng bata, atbp. Tatawag sila upang kumpirmahin ang iskedyul ng kanilang pagbisita. Mga gagawin at pag-usapan sa araw ng pagbisita: Pagsukat ng katawan, timbang, at iba pa ng sanggol; Tungkol sa <i>growth</i> at <i>development</i> ng bata, at pagpapalaki nito; Tungkol sa pagpapasuso; Tungkol sa kalusugan ng ina; Pagpakilala ng mga serbisyo ng siyudad na pwedeng gamitin; Pagbibigay payo kaugnay sa mga pag-alala habang buntis, atbp.</p> | ✓Lahat ng mga bagong panganak at ang sanggol ay 4 na buwan pababa ✓Mga buntis na may pag-alala atbp. tungkol sa pagbubuntis at panganganakan | Libre *Ang pagbisita ng midwife pagkatapos manganak ay isang beses lamang | Children and Families Support Center (Kodomo Katei Senta) City Hall, Bldg. 2 - 2F ☎048-963-9179 | Pil-apan ang <i>birth notification card</i> na kasama sa pagbigay ng <i>boshi techo</i> at isumite ito sa opisina ng Citizen's Affairs Section ng City Hall o di kaya sa Northern & Southern branch ng city hall. |
| <p>■POSTPARTUM SUPPORT PROGRAMS (Sango Shien Jigyo) May mga <i>midwife</i> na makapagbigay ng suporta sa mga bagong panganak kaugnay sa kanilang pisikal, emosyonal at sikolohikal na pag-alala; konsultasyon at mga katanungan tungkol sa pagpapalaki ng sanggol; at <i>practical guidance</i> kaugnay sa pangangalaga ng suso, pagpapaligo ng sanggol at iba pa.</p> | ✓Hindi pa umabot ng 4 na buwan pagkatapos manganak at nakatira sa Koshigaya ✓May pag-alala kaugnay sa pagpapalaki ng bata atbp. na gustong at gustong mabisita ng <i>midwife</i> | Tanungin tuwing magpa reserba *May ¥1,000 na subsidy para dito | Children and Families Support Center (Kodomo Katei Senta) City Hall, Bldg. 2 - 2F ☎048-963-9179 | Mag-apply sa midwifery clinic na pwedeng makapag bigay ng serbisyo. Ihanda ang <i>postpartum support application form</i> , <i>boshi techo</i> , at <i>valid ID</i> tulad ng <i>residence card</i> , <i>my number card</i> , atbp. Pwedeng tumanggap ng serbisyo sa pamamagitan ng <i>home visit</i> ng <i>midwife</i> o di kaya sa direktang pagpunta sa <i>midwifery clinic</i> kung saan nagpa reserba. |

Child Rearing Support & Services sa Koshigaya

Children & Families Department, Child Policy Section | Abril 1, 2026

越谷市の主な子育て支援事業のご案内【こども家庭部 こども政策課 令和8年4月1日現在】



https://www.city.koshigaya.saitama.jp/kosod

https://www.city.koshigaya.saitama.jp/kosoda

| Serbisyo / Detalye, Atbp. | Target | Magkano | Section in Charge | Proseso, Pamaraan, At iba pa |
|--|---|---|---|--|
| <p>■POSTPARTUM CARE PROGRAM – HAGU (Sangyo Kea Jigyo) Para sa mga bagong panganak na nangangailangan ng suporta sa pag-aalaga ng bata at iba pa, may mga espesyalista (midwife, atbp.) na pwedeng makapagbigay ng serbisyo. Pwede itong maging home visit, day service, o overnight stay. Paalala: Kailangan ng aplikasyon (<i>in advance</i>) upang makagamit sa serbisyo ng programang ito.</p> | Bagong panganak (hindi pa nag 1 taon) na wala masadong suporta sa pamilya, sobrang stress (pisikal at mental) at may pag-alala sa pag-alaga at pagpa palaki ng bata, o di kaya nakunan o patay ang sanggol nung isinilang | ¥7,500 (overnight stay) ¥2000 (day use) ¥500 (home visit) | Children and Families Support Center (Kodomo Katei Senta) City Hall, Bldg. 2 - 2F ☎048-963-9179 | Makipag-ugnayan sa opisina ng children and families support center, dalawang (2) buwan bago ang due date o di kaya isang (1) buwan bago ang petsa na gustong gamitin ang serbisyo. |
| <p>■NEWBORN CHECKUP [ONE-MONTH-OLD] (Ikkagetsuji Kenko Shinsa) Checkup para sa mga 1-buwan na sanggol (pagsukat ng timbang, atbp., <i>medical examination, consultation</i>, at iba pa)</p> | 1-buwan na sanggol | Libre | Children and Families Support Center (Kodomo Katei Senta) City Hall, Bldg. 2 - 2F ☎048-963-9179 | Ipadadala ang <i>questionnaire</i> na gagamitin sa <i>checkup</i> kapag nag 7-8 buwan na sa pagbubuntis. Magpa reserba sa nakatakdang ospital o klinika kung saan pwedeng magpa checkup. |
| <p>■INFANT CHECKUP [4-MONTH-OLD, 10-MONTH-OLD] (4-Kagetsuji, 10-Kagetsuji Kenko Shinsa) Physical checkup, medical checkup, atbp. *Ito ang period na magsisimula ang mahalagang milestones para sa bata. Isa ito sa mga panahon na kailangan manatiling malusog ang bata para sa kanyang paglaki.</p> | ✓ 4-na buwan na bata ✓ 10-buwan na bata | Libre | | Ang questionnaire na gagamitin ay ipapadala kasama sa questionnaire (coupon) na gagamitin sa pagpapa bakuna. Magpa reserba sa nakatakdang ospital o klinika kung saan pwedeng magpa checkup. |
| <p>■TODDLERS CHECKUP [18-MONTH-OLD, 3-YEAR-OLD] (Issai Rokkagetsuji, 3-Saiji Kenko Shinsa) Physical checkup, medical & dental checkup, atbp. *Tumatanggap rin ng konsultasyon kaugnay sa nutrisyon, kalusugan ng ngipin, pagpapalaki ng bata, at iba pa. *Ito ang period na mangyari ang mahalagang milestones ng bata. Ang checkup na ito ay oportunidad na malaman ang kalagayan ng kanyang growth and development kaya huwag kalimutan na magpunta sa checkup.</p> | ✓ 18-na buwan na bata ✓ 3-taon na bata | Libre | Children and Families Support Center - Municipal Health Center (Kodomo Katei Senta -Hoken Senta) ☎048-961-8040 | Ipadadala ang notipikasyon kapag malapit na ang iskedyul ng checkup. Ang checkup sa mga edad na ito ay gaganapin sa Municipal Health Center. |
| <p>■PRESCHOOLERS CHECKUP [5-YEAR-OLD] (5-Saiji Kenko Shinsa) Physical checkup, medical checkup, group play, atbp. *May mga eksperto na tatanggap ng konsultasyon kaugnay sa nutrisyon, parenting, at iba pa. *Ang checkup na ito ay isa sa mga paghahanda bago papasok ang bata sa elementarya.</p> | 5-taon na bata | Libre | | May ipapadala na questionnaire na kailangan kumpletuhin o sagutin bago mag 5-taon ang bata. Ang questionnaire na ito ay maging basehan kung kailangan sumali sa preschoolers checkup. Papadalhan ng notipikasyon kung kailangan. |
| <p>■BABY FOOD & TODDLERS FOOD CLASS (Rinyushoku, Yojishoku Kyoshitsu) Seminar kaugnay sa paghanda ng pagkain ng bata (mula sa simula na pagbigay ng pagkain), pagtikim ng mga nakahandang pagkain ng bata, pagtanggap ng konsultasyon o pagbibigay ng payo kaugnay sa nutrisyon ng bata at iba pa.</p> | Magulang ng mga batang nasa edad na 4-na buwan hanggang 2-taon | Libre | Children and Families Support Center, Municipal Health Center (Kodomo Katei Senta, Hoken Senta) ☎048-961-8040 | Magpa reserba gamit ang online reservation system ng Koshigaya. I-proseso ang aplikasyon para dito mula 42 days (o 6 weeks before) bago ang nakatakdang iskedyul. |
| <p>■SUBSIDY FOR (ONE-MONTH-OLD) NEWBORN CHECKUP (Ikkagetsuji Kenko Shinsahiyo Josei) Checkup para sa mga 1-buwan na sanggol (pagsukat ng timbang, atbp., <i>medical examination, consultation</i>, at iba pa)</p> | 1-buwan na sanggol | ¥5,621 (max) na subsidy bawat bata | Children and Families Support Center (Kodomo Katei Senta) City Hall, Bldg. 2 - 2F ☎048-963-9179 | Kung magpa checkup sa hindi nakatakdang ospital o klinika, pwedeng makatanggap ng subsidy (refund) sa pamamagitan ng pagsumite ng aplikasyon sa opisina ng [Children and Families Support Center] ng city hall. Dalhin ang resibo atbp. sa oras ng alikasyon. Tingnan sa webiste ng Koshigaya ang detalye at requirements. |
| <p>■SUBSIDIES FOR EARLY INFERTILITY TEST & RECURRENT PREGNANCY LOSS [RPL] Test (Sokifunin Kensahi, Fu-ikusho Kensahi Joseijigyo) ✓Subsidy for Early Infertility Test ¥20,000 (max) - isang beses na subsidy para sa infertility test ng mag-asawa. Kailangan ang babae ay hindi pa umabot sa edad na 43 sa araw ng test. *Hanggang ¥30,000 ang subsidy kung ang edad ng babae sa simula ng test ay hindi umabot ng 35. ✓Subsidy for Recurrent Pregnancy Loss Test ¥20,000 (max) - isang beses na subsidy para sa mag-asawa o di kaya para sa babae na ang edad ay hindi pa umabot ng 43 sa araw ng test. Hanggang ¥30,000 ang subsidy kung ang edad ng babae sa simula ng test ay hindi umabot ng 35.</p> | Sa simula ng pagpapagamot, ✓Legal na mag-asawa, ✓Live-in o pagsasama na hindi kasal ✓Ang mag-asawa o di kaya isa sa mag-asawa ay naka-rehistrong residente ng Koshigaya | - | Infectious Disease and Health Care Policy Section - Public Health Center (Kansensho Hoken Taisakuka, Hokenjo) ☎048-973-7531 | Mag-aplay sa opisina ng Infectious Disease and Health Care Policy Section (Public Health Center). Para sa requirements, tingnan sa website ng Koshigaya. |
| <p>■SUBSIDIES FOR RECURRENT PREGNANCY LOSS [RPL] Test USING ADVANCED METHODS (Senshin Iryo Fu-iku Kensahi Joseijigyo) Subsidy para sa nagpa infertility test gamit ang advanced methods. Magbibigay ng 70% sa cost o di kaya sa limit na ¥60,000 isang beses na pagpa checkup.</p> | Residente ng Koshigaya at nagkaroon ng 2 beses o higit pa na miscarriage o stillbirth (nakunan o patay ang bata nung isinilang) *Kailangan may diagnosis mula sa doktor | | Infectious Disease and Health Care Policy Section - Public Health Center (Kansensho Hoken Taisakuka, Hokenjo) ☎048-973-7531 | Mag-apply sa Infectious Disease and Health Care Policy Section - Public Health Center. Para sa mga requirements o kinakailangang dokumento, tingnan sa website ng Koshigaya. |
| <p>■MATERNITY DENTAL CHECKUP (Ninsampu Shikakenko Shinsa) Dental checkup para sa mga buntis at bagong panganak. Pwedeng magpa-checkup isang beses habang buntis at isang beses pagkatapos manganak (hanggang bago mag-isang taon ang bata). *Hindi kasama dito ang dental exam, tartar removal, treatment at iba pa</p> | Mga buntis o bagong panganak at naka-rehistrong residente ng Koshigaya sa araw na gaganapin ang checkup. | Libre | Children and Families Support Center (Kodomo Katei Senta) City Hall Bldg. 2 - 2F ☎048-963-9179 | Makipag-ugnayan at magpa-reserba sa nakatakdang klinika at dalhin ang dental checkup coupon, talaan ng kalusugan ng mag-ina (<i>boshi techo</i>) at valid ID (<i>residence card, my number card, etc.</i>) tuwing magpa-checkup. |
| 2 Pinansyal na Suporta | | | | |
| <p>■CHILD ALLOWANCE (Jido Teate) Magkano kada buwan bawat bata: ✓ ¥30,000 - mula sa 3rd child o pangatlong anak ✓ ¥15,000 - sa 1st & 2nd child na hindi pa nag 3-taon ✓ ¥10,000 - sa 1st & 2nd child na ang edad ay 3-taon hanggang sa edad na makapagtapos ng high school (18-taon) Sino ang kailangan mag-aplay: ①Mga bagong panganak ②Mga lumipat sa Koshigaya ③Mga hindi pa nakapag-aplay at eligible para tumanggap ng allowance</p> | Households na may anak hanggang High School. *Ang maging recipient ay ang head of the household o kung sino ang may pinakamataas na income sa pamilya. *Kung civil servant, magtanong sa opisina kung saan nagtatrabaho tungkol sa proseso at iba pa. | - | Child Welfare Section (Kodomo Fukushi Ka) ☎048-963-9166 | Mag-aplay sa Child Welfare Section o di kaya sa Northern/Southern branch office ng city hall sa loob ng 15 days pagkatapos manganak o lumipat sa Koshigaya. Ang suporta ay simulang matatanggap sa susunod na buwan pagkatapos magawa ang aplikasyon. Requirements: ① Kopya ng bank book ng aplikante (head ng household) ② Kopya ng health insurance card (eligibility card, etc.) ng aplikante (kung ang health insurance provider ay <i>mutual aid association, etc.</i> at may anak na wala pang 3-taon) ③ My Number Card ng aplikante at ng asawa *Mangyaring hihingan ng adisyunal na dokumento para sa pag-proseso, atbp. |
| <p>■MEDICAL EXPENSE SUBSIDY FOR CHILDREN (Kodomo Iryohi) Subsidy para sa babayaran sa ospital tuwing ang bata ay nagkasakit at iba pa. Paraan ng pagbigay ng subsidy: Walang babayaran kung magpapagamot sa ospital o klinika atbp. na pasok sa Saitama Prefecture *Kailangang ipakita ang <i>recipients eligibility certificate</i> para sa subsidy at health insurance card, <i>mya hokensho</i>, atbp. *Kung magpapagamot sa ospital/klinika atbp. na hindi sakop ng Saitama (at sa iilang medical facility ng Saitama), pwedeng mag-apply ng refund sa binabayaran. Ihanda ang resibo at isumite ang aplikasyon sa opisina</p> | Households na may anak na 18-taon at pababa *Ang eligibility ay hanggang sa pinaka-unang Marso 31 pagkatapos ika-18 na kaarawan | May bayad para sa mga gastusin na hindi pasok o covered ng health insurance | Child Welfare Section (Kodomo Fukushi Ka) ☎048-963-9166 | Para sa mga bagong lipat sa Koshigaya at bagong panganak, isumite ang aplikasyon sa opisina ng Child Welfare Section o di kaya sa northern/southern branch office ng city hall para makakuha ng eligibility certificate. Requirements: ① Kopya ng health insurance card, eligibility notification, atbp. ng bata ② Kopya ng bank book ng aplikante *Kailangan ang aplikante ay residente ng Koshigaya at ang insured person sa health insurance kung saan pasok ang bata. |

Child Rearing Support & Services sa Koshigaya

Children & Families Department, Child Policy Section | Abril 1, 2026

越谷市の主な子育て支援事業のご案内【こども家庭部 こども政策課 令和8年4月1日現在】

こしがや子育てネット
Koshigaya Kosodate Net



https://www.city.koshigaya.saitama.jp/kosod

https://www.city.koshigaya.saitama.jp/kosoda

| Serbisyo / Detalye, Atpb. | Target | Magkano | Section in Charge | Proseso, Pamaraan, At iba pa |
|--|--|--|--|---|
| <p>■CHILD REARING ALLOWANCE (Jido Fuyo Teate) Ang allowance na ito ay ibinibigay para sa mga single parents (dahil sa diborsyo, pagkamatay ng asawa, atbp.) at para sa mga magulang (ama o ina) na may tiyak na kapansanan. Ang subsidy ay depende sa kinikita at kung ilan ang anak.</p> | Households na may anak na ang edad ay hanggang 18 | Depende sa income o kinikita ng household | Child Welfare Section (Kodomo Fukushi Ka) ☎048-963-9166 | Mag-aplay sa opisina ng Child Welfare Section. Requirements: Family register, at iba pang dokumento, depende sa kondisyon ng aplikante. Makipag-ugnayan sa nakatakdang opisina kung kinakailangan. |
| <p>■MEDICAL EXPENSE SUBSIDY FOR SINGLE-PARENT HOUSEHOLDS (Hitori-Oya Katei Iryohi) Subsidy na tutulong para sa medikal na gastos na babayaran ng single mother, single father, at magulang o guardian na may tiyak na antas ng kapansanan. Paraan ng pagbigay ng subsidy: Walang babayaran kung magpapagamot sa ospital o klinika atbp. na pasok sa Saitama Prefecture *Kailangang ipakita ang recipients eligibility certificate para sa subsidy at health insurance card, myna hokensho, atbp. *Kung magpapagamot sa ospital/klinika atbp. na hindi sakop ng Saitama (at sa ilang medical facility ng Saitama), pwedeng mag-apply ng refund sa binabayaran. Ihanda ang resibo at isumite ang aplikasyon sa opisina</p> | *Hanggang bago darating ang ika-20 na kaarawan para sa mga bata na may tiyak na antas na kapansanan | Depende sa income o kinikita ng household | Child Welfare Section (Kodomo Fukushi Ka) ☎048-963-9166 | May sertipikasyon na ibibigay para dito. Mag-aplay sa opisina ng Child Welfare Section. Requirements: Health insurance info (eligibility card / myna hokensho), certificate of family register at iba pa depende sa kondisyon ng aplikante. Makipag-ugnayan sa opisina ng child welfare section (city hall) para sa detalye. |
| <p>■MEDICAL EXPENSE SUBSIDY FOR THE CHILD'S HEART SURGERY (Jido no Shinzo Shujutsu Josei) Pinansyal na tulong para sa self-pay burden o copayment (maliban sa gastos ng pag-opera) kaugnay sa medical expenses ng batang wala pang 18-na-taon na may problema sa puso at nagkaroon ng heart surgery). Ang subsidy ay hanggang ¥150,000.</p> | Magulang o guardian na residente ng Koshigaya ng higit pa sa 6 na buwan at ang anak ay hindi pa umabot ng 18-na-taon | Depende sa income o kinikita ng household | Child Welfare Section (Kodomo Fukushi Ka) ☎048-963-9172 | Makipag-ugnayan in advance sa incharge. |
| <p>■SPECIAL CHILD REARING ALLOWANCE (Tokubetsu Jido Fuyo Teate) Allowance para sa mga may anak na hindi pa umabot sa edad na 20, at may tiyak na pisikal/mental na kapansanan at iba pa. Magkano Bawat Bata: ¥58,450 -- Level 1 (severe) ¥38,930 -- Level 2 (moderate)</p> | Magulang o guardian na may anak na may tiyak sa pisikal o metal na kapansanan at ang edad ay hindi pa uma umabot ng 20 taong gulang | Depende sa income o kinikita ng household | Child Welfare Section (Kodomo Fukushi Ka) ☎048-963-9172 | Makipag-ugnayan ng direkta sa incharge. |
| <p>■MEDICAL CARE BENEFITS FOR PREMATURE BABIES (Mijukoji Yo-iku Iryo Kyu Seido) Pinansyal na tulong para sa mga bata na pinanganak na premature at nangangailangan ng medical care sa ospital. Kailangan na ang ospital ay nagbibigay ng specific medical care para sa premature babies atbp.</p> | √Ang timbang ng sanggol ay hindi umabot ng 2000 grams, premature, at inerekomenda ng doktor na manatili muna sa ospital √Kailangang naka-rehistrong residente ng Koshigaya | Depende kung magkano ang binabayaran ng household sa residence tax | Children and Families Support Center (Kodomo Katei Senta) ☎048-963-9319 | Makipag-ugnayan sa opisina ng Children and Families Support Center (city hall) para sa aplikasyon. Mangyaring magaganapin na interview sa araw ng pag-apply. Siguraduhing may sapat na oras tuwing magpunta. Para sa kinakailangan o requirements, tingnan sa website ng Koshigaya. |
| <p>■MEDICAL CARE BENEFITS FOR SPECIFIC CHRONIC PEDIATRIC DISEASE (Shoni Mansei Tokubetsu Shippei Iryohi Kyufu Seido) Pinansyal na tulong upang mabawasan ang gastusin ng pamilya kaugnay sa pagpapagamot ng chronic disease ng bata.</p> | Pasok sa sumusunod na kondisyon: √Residente ng Koshigaya √May specific chronic disease at ang kondisyon ay pasok sa nakatakdang kriterya ng bansa √Edad: Bago mag-18 o bag mag-20 kung kailangan ng patuloy na paggamot | Depende kung magkano ang binabayaran sa resident tax (per income rate) | Infectious Disease and Health Care Policy Section - Public Health Center (Kansensho Hoken Taisakuka, Hokenjo) ☎048-973-7531 | Makipag-ugnayan sa opisina ng Infectious Disease and Health Care Policy Section (Public Health Center) para sa aplikasyon. Para sa kinakailangan o requirements, tingnan sa website ng Koshigaya. |
| <p>■PAPA, MAMA Support Shop Courtesy Program "Papa Mama Support Shop Courtesy Card"o isang discount card na magagamit sa mga designated shops o tindahan na sumali sa programa</p> | Para sa households na may anak hanggang high school (hanggang sa pinakaunang Marso 31 pagkatapos ng ika-18 na kaarawan), at sa households na may buntis | - | Child Policy Section (Kodomo Seisaku Ka) ☎048-963-9165 | Mag-download ng LINE app sa smarphone, i-add ang official account ng Saitama Prefecture [埼玉県庁] at sagutin ang mga katanungan tungkol sa iyong impormasyon. *Kung hindi gagamit ng app at gusto ng card, makukuha ito sa sumusunod na lugar o opisina: Child Policy Section, Child Welfare Section, Children and Families Support Center (city hall bldg. 2 - 2F / municipal health center), northern o southern branch office ng city hall, Jidokan Cosmos, Jidokan Himawari, Passport center, Community Activity Support Center, Central Library atbp. |

3 Childcare

| | | | | |
|--|--|---|---|---|
